PAG-IWAS NA MAPUTULAN NG SERBISYO

Ang malaking bayarin o di-inaasahang gastos ay pwedeng maging dahilan para mahirapan kang magbayad ng *utility bill* mo. Gayon man, kung hindi nababayaran ang iyong bill, maaring putulan ka ng mga serbisyo ng utility company. Sa oras na maputulan ka ng iyong mga serbisyo maaring pagbayarin ka ng mga *reconnection* fees o mga deposito para maibalik ang iyong mga serbisyo.

HETO ANG MGA MAGAGAWA MO PARA MAIWASANG MAPUTULAN NG SERBISYO:



1. **Panatiliing mababa ang iyong bill sa pagtitipid ng enerhiya.** Ang pagpatay ng mga ilaw, bihirang paggamit ng airconditioner at heater ay tutulong sa pagpapababa ng halaga ng iyong ginagamit na enerhiya. Matutulungan ka ng iyong organisasyong “CHANGES” na mag-apply sa programa ng “weatherization” na makakatulong upang ang konsumo ng enerhiyang ginagamit ay bumaba.

2. **Rebyuhin ang iyong bill** kada buwan para makasiguro na walang maling impormasyon at para malaman kung gaano ang enerhiya na ginagamit mo. Siguruhin ang petsa kung kailan dapat bayaran ang bill, na siyang petsa na kailangang matanggap ang bayad, at markahan ito sa kalendaryo mo.

3. **Bayaran ang iyong bill sa tamang panahon** kada buwan. Pwede mong i-mail ang bayad mo, magbayad online, sa telepono, mag-set-up ng automatic payment, o magbayad ng personal sa mga lokasyong autorisadong tumanggap ng bayad. Kung nagbayad ka pagkatapos ng due date, sisingilin ka ng late fee na ipapatong sa iyong bill.

4. **Mag-enrol ka sa mga programang nagbibigay ng diskwento** na kwalipikado ka tulad ng CARE/FERA o Medical Baseline. Ang iyong organisasyong CHANGES ay matutulungan kang humanap ng mga programang eligible ka at tutulungan ka sa pag-a-apply.

5. **Kumilos nang maagap** kung inaakala mong hindi mo mababayaran ang iyong bill. Ang iyong organisasyong CHANGES ay tutulungan kang mag-request ng extension o ng plano ng pagbabayad bago maputol ang iyong mga serbisyo.

Kung tumanggap ka na ng Disconnection Notice o naputulan ka na ng mga serbisyo

Kontakin ang iyong organisasyong CHANGES sa address at numero ng telepono na makikita sa ibaba.



Ang iyong organisasyong “CHANGES” ay tutulong na maibalik ang iyong mga serbisyo sa pagse-set-up ng payment plans, paghanap ng programang tumutulong sa pagbabayad, o makipag-usap sa utility company para sa iyo. Kakailanganin mong magbayad, pero ang iyong organisasyong CHANGES ay maaaring makahanap ng paraan para mapagaan ang pagbabayad mo at ng iyong pamilya.

Ang iyong organisasyong CHANGES ay pwedeng i-tsek ang iyong mga bills, tulungan kang sagutan ang mga papeles, at kausapin ang utility company para sa iyo tungkol sa bill mo o sa iyong utility account.

Kontakin ang iyong lokal na organisasyong CHANGES para humingi ng tulong:

Community Help and Awareness of Natural Gas and Electricity Services
“CHANGES”

Ang CHANGES ay isang programa ng California Public Utilities Commission
www.cpuc.ca.gov